# Puspos ng Mabubuting Gawa

Tumulong sa mga tao ang tatlong kababaihang ito sa Bagong Tipan. Basahin kung ano ang ginawa nila; pagkatapos ay itugma ang mga larawan. Ano ang magagawa ninyo para makatulong sa ibang tao ngayon?



Si **Priscila** at ang kanyang asawa ay gumagawa ng mga tolda bilang hanapbuhay. Nagturo siya tungkol sa ebanghelyo kasama ng kanyang asawa. Maaaring nagdaos sila ng mga miting ng Simbahan sa kanilang bahay. *(Tingnan sa Mga Gawa 18:26.)*



Si **Lidia** ay nangalakal ng kayong kulay-ube. Nadama niya ang Espiritu at nag-pasiya siyang magpabinyag. Pinatuloy niya ang mga disipulo sa kanyang bahay habang naglalakbay sila. *(Tingnan sa Mga Gawa 16:14–15.)*



Si **Tabita** ay nagbigay sa mga maralita at nanahi ng mga damit at tunika para sa mga nangangailangan. Nang mamatay siya, binuhay siya ni Pedro. *(Tingnan sa Mga Gawa 9:36, 39–40.)* ●

**Sinusuportahan ng pahinang ito ang pahina 108 ng *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya.***







MGA PAGLALARAWAN NI SHAWNA J. C. TENNEY